ISSN 2619-6786
9 772619 678000 03

# CaraBalitaan

www.pcc.gov.ph
DA-Philippine Carabao Center
oed@pcc.gov.ph

*Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones*
*Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 5 Blg. 3 | Hulyo-Setyembre 2023*



**Samahan ng mga Cotabateñong magkakalabaw, pinarangalan**

2



**VBAITs ng CALABARZON, MIMAROPA, sumailalim sa AI, PD basic training course**

3

## Villar Sipag Awards, nasungkit ng mga batang maggagatas ng Tarlac City

Ni **Mikee A. Antonio**

***DA-PCC sa CLSU-Pinangunahan ng batang carapreneur na si Allen Paul Santos, 23 taong gulang, founding leader ng Eden Youth Association (EYA) ang pagtanggap ng prestihiyosong Villar SIPAG award bilang "Most Outstanding Youth Social Enterprise" noong Hulyo 21 sa Villar SIPAG Center sa Las Piñas City.***

*Sundan sa p.5*




***#NgitingTagumpay.*** *Sa larangan ng pagkakalabawan, hindi rin papahuli ang mga kabataan! Napatunayan ito ng grupo ng kabataang magkakalabaw ng Tarlac City na ginantimpalaan sa husay sa pagkakalabawan.*

## Ang kalabaw bilang simbolo ng katatagan sa Bohol

Nina **Leinefe L. Anton** at **Ronaline C. Canute**

***DA-PCC sa USF-Kinilala ang kalabaw bilang simbolo ng katatagan sa ginanap na pagdiriwang ng ika-pitong Bohol Dairy Festival sa Sandugo Festivities sa bayan ng Mabini noong Hulyo 18, 2023.***

Sa temang "Panggatasan Palamboon, Subay sa Hagit sa Panahon" (Dairy Development Amidst the Challenges of Our Times), ang pagdiriwang ay naglalayong ipakita at bigyan ang mga magsasaka at stakeholders sa mga kasanayan at teknolohiya na makatutulong sa pag-iwas sa hindi magandang epekto ng pagbabago ng klima sa

*Sundan sa p.5*

## Pagkakalabawan, napabilang sa Bangsamoro Agri-Fishery Network

Ni **Rodolfo T. Valdez Jr.**

***DA-PCC sa USM-Mas lalawak pa ang aabutin ng pananaliksik sa pagkakalabawan sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) matapos mapabilang ang DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) sa Bangsamoro Agri-Fishery Research, Development, and Extension Network (BAFRDEN).***

Ito ay matapos ang paglagda ng Memorandum of Understanding (MOU) ng DA-PCC sa USM, kasama ang Ministry of Agriculture, Fisheries, and Agrarian Reform- BARMM (MAFAR-BARMM), mga partner agencies, at State Universities and Colleges sa Bangsamoro Region noong Agosto 16 sa Davao City.

Layunin ng naturang MOU ang magkaroon ng samahan na syang magtataguyod ng isang matibay na ugnayan sa sekta ng agrikultura at pangingisda at

*Sundan sa p.4*

# Samahan ng mga Cotabateñong magkakalabaw, pinarangalan

Ni **Rodolfo T. Valdez Jr.**



*DA-PCC sa USM-Nasungkit ng Canahay Dairy Farmers Association (CADAFA) ng Surallah, South Cotabato ang 2023 Outstanding South Cotabateño – Group Category kasabay ng pagdaraos ng 24th T'nalak Festival at 57th Founding Anniversary ng South Cotabato.*

Malugod na tinanggap ni CADAFA President Emilita Cabino ang prestihiyosong parangal na kumikilala sa kanilang naging ambag sa paglago ng kanilang kumunidad, pagbibigay inspirasyon sa kapwa nila South Cotabateños, at pagtaas ng bandera ng probinsya ng South Cotabato sa buong Pilipinas.

"Maliban sa tulong ng ahensya ng gobyerno, hindi namin nakamit ang award na ito kung wala ang pagkakaisa ng bawa't miyembro ng CADAFA. Ang pagsisikap at mga karangalang nakamit ng bawa't miyembro ang naging daan upang masungkit namin ang award at maging namumukod-tanging asosasyon sa South Cotabato," wika ni Cabino.

Ang CADAFA ay isa sa mga inaasistahang asosasyon ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM).

"Sa mga nagdaang mga taon, napatunayan na ng CADAFA ang kanilang galing at husay. Samut-saring mga parangal ang kanilang natanggap dahil sa kanilang maganda at angkop na pamamaraan ng pag-aalaga ng gatasang kalabaw. Wala itong mga awards na ito kung wala ang taos-pusong pagtanggap ng mga magsasaka sa programang pagkakalabawan," ani DA-PCC sa USM CBED Coordinator Nasrola S. Ibrahim.

Matatandaang humakot ng parangal ang mga miyembro ng CADAFA noong 8th National Carabao Conference ng DA-PCC tulad ng OUTSTANDING DAIRY BUFFALO FARMER FAMILY MODULE Champion, Joselino C. Cabino; BEST DAIRY BUFFALO COW (SENIOR CARACOW CATEGORY) 1st Runner Up, Melgin M. Zenith; BEST DAIRY BUFFALO COW (JUNIOR CARACOW CATEGORY) 2nd Runner Up, Rodel B. Estañol; at OUTSTANDING VILLAGE-BASED AI TECHNICIAN, 2nd Runner Up Reyjohn R. Estañol.

Samantala, nagpapasalamat naman si DA-PCC sa USM Center Director Benjamin John C. Basilio sa provincial government ng South Cotabato sa pagkilala sa dedikasyon at tagumpay ng CADAFA sa larangan ng pagkakalabawan.

"Ang mga parangal at pagkilalang ito ay bunga ng pagsisikap ng DA-PCC, Provincial Agriculture and Veterinary Offices, Municipal Agriculture Office, pamahalaang lokal ng Surallah, at iba pang ahensya ng gobyerno na nagsisilbi para sa magsasakang Pilipino," ani Basilio.

***Sa kasalukuyan, ang CADAFA ay nagsisilbing supplier ng raw buffalo's milk para sa mga kooperatibang lumalahok sa national milk feeding program sa ilalim ng R.A. 11037 o Masustansyang Pagkain Para sa Batang Pilipino Act.***

Dagdag pa rito, sa tulong ng LGU-Surallah, tumatayog pa ang hangarin ng CADAFA sa mas malawak na oportunidad sa mga susunod na araw matapos ang pagsisimula ng kanilang hakbang sa pagtataguyod ng kooperatiba na tatawaging Surallah Integrated Dairy Farmers Cooperative.

# Dalawang breeder bulls, ipinagkaloob ng DA-PCC sa Apayao Livestock Agriculture Cooperative

Ni **Steven Marx B. Tangonan**



*DA-PCC sa CSU- Ipinagkaloob ng DA-Philippine Carabao Center sa Cagayan State University (DA-PCC sa CSU) ang dalawang Bulgarian Murrah breeder buffalo kina Ronaldo Antolin ng Barangay Cabatacan at Cheriben Cortez ng Barangay Mataguisi, pawang mga miyembro ng Apayao Livestock and Agriculture Cooperative noong Agosto 24, 2023.*

Ang hakbang na ito ay bahagi ng Bull Entrustment program ng DA-PCC na layuning paigtingin at paghusayin ang implementasyon ng Carabao Development Program (CDP) sa lalawigan ng Apayao at iba pang sakop ng DA-PCC sa CSU.

***Ang bull entrustment ay katuwang ng artificial insemination (AI) di lamang sa layunin nitong magkaanak ang mga ipinahiram na dairy crossbred na kalabaw sa ilalim ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN).***

***May mahalagang papel din ang pagkakaloob ng mga breeder buffalos na ito sa pagpapalakas ng livestock sector sa lalawigan.***

Ang pangunahing tungkulin nito ay ang pagpapalaganap sa carabao upgrading program sa pamamagitan ng natural na pagpapalahi ng mga kalabaw sa mga liblib na lugar na hindi abot ng AI.

Binigyang-diin ni Dr. Rovina R. Piñera, OIC-Center Director ng DA-PCC sa CSU na mahalagang mapadali ang pagbubuntis ng mga ipinahiram na dairy buffaloes.

"Mahalaga na maagang mabuntis ang mga kalabaw upang agad na makakamtan ng mga magsasaka ang kita mula sa pag-aalaga nito," aniya.

Ang mga breeder bulls na ito kasama ng patuloy na inisyatiba sa AI, ay may mahalagang papel sa ikabubuti ng kalidad ng genetics at produksyon ng mga native na kalabaw sa lalawigan.

Sa pamamagitan ng paggamit ng Bulgarian Murrah breeder bulls para sa natural na pagpapalahi sa mga liblib na lugar, layunin ng programa na makamtan ang isang pinagandang lahi at mas mataas na produksyon para sa mga susunod na henerasyon ng mga native na kalabaw sa Apayao.

# VBAITs ng CALABARZON, MIMAROPA, sumailalim sa AI, PD basic training course

Ni **Jeremie Marinella S. Ledesma**



*DA-PCC sa UPLB – Isinagawa ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa UP Los Baños (DA-PCC sa UPLB) ang In-House Basic Training Course on Artificial Insemination (AI) and Pregnancy Diagnosis (PD) sa malalaking ruminant noong Agosto 28, 2023 sa Obdulia Sison Hall, UPLB.*

Ang AI at PD training ay isa mga programa sa ilalim ng Genetic Improvement Program (GIP) ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) kung saan ang layunin nito ay bumuo, palakasin, at hasain ang samahan ng mga AI technicians mula sa CALABARZON, MIMAROPA, at Bicol Region upang maparami ang populasyon ng kalabaw at mapataas ang produksyon ng gatas bilang dagdag kita ng mga magkakalabaw.

“Dahil sa training na ‘to, kayo ay magkakaroon ng sapat na kaalaman na magagamit ninyo. Kayo rin ang magiging katuwang ng DA-PCC sa UPLB bilang mga mata, paa, at kamay sa labas pag kayo ay nasa field,” ani DA-PCC sa UPLB Center Director, Dr. Thelma Saludes sa kanyang pangunahing pagbati.

Diin naman ni Anna Reylene Montes, DA-PCC at UPLB CBED coordinator, sa kanyang inspirational message na ang mga sumailalim sa pagsasanay ay magiging pag-asa para sa pagpaparami ng magandang lahi ng kalabaw at pagpapataas ng produksyon ng gatas. Bahagi rin ng training ang aktwal na demonstrasyon at practicum.

Ang DA-PCC sa UPLB training team ay binubuo nina Dr. Jessica Gay Ortiz (AI and BL Coordinator), Ariel De Chavez (AI Technician), Pinky Bril (Research Assistant), Danica Cervantes (Encoder) at Jeremie Marinella Ledesma (Information and Communication Officer).

*Ang artificial insemination (AI) ay isa sa mga banner services ng DA-PCC na ibinibigay sa kanayunan sa buong bansa sa pamamagitan ng mga sinanay na private village-based AI technicians (VBAITs) gayundin ng mga technician ng local government units (LGUs), DA-Regional Field Offices (DA-RFO) at mga regional centers ng DA-PCC.*

*Ang AI ay isang reproductive tool na ginagamit upang mapataas ang lahi ng mga hayop na may mas mahusay na produksyon ng gatas at karne sa pamamagitan ng paggamit ng superior genetic materials ng dairy buffalo breed.*

# Mga Boholano, nagsanay sa AI at PD

Ni **Jay Fraim**

***DA-PCC sa USF-Mga naghahangad na maging Artificial Insemination (AI) Technician mula sa Masbate, Cebu, at Bohol ang dumalo sa 24 araw na pagsasanay sa AI sa DA-Philippine Carabao Center sa Ubay Stock Farm (DA-PCC sa USF) na nagsimula noong Agosto 15, 2023 at natapos noong Setyembre 7, 2023.***

Layunin ng aktibidad na ipaintindi sa mga nagsasanay ang tamang panahon ng paglalandi ng kalabaw at ang mga tamang gawain pag nagbuntis ang mga hayop.

Ako ay nagpapasalamat ng malaki sa inyong pagpunta dito, at sa kasosyo kahit ilan sa inyo ay mga pribadong technicians. Nakita siguro ng inyong LGU na karapat-dapat kayo sa training na ito,” malugod na pagtanggap ni Bonifacia H. Granada, chief extension services at training coordinator.

Ayon kay Granada, layunin ng pagsasanay ng AI na mahasa ang kakayahan ng mga technicians para mapabilis ang paghahatid ng serbisyo ng AI sa mga nayon sa pamamagitan ng Village-Based AI program.

“Nagsasagawa kami ng AI training para madagdagan ang kaalaman ng mga technicians sa pagpapabuntis ng mga kalabaw at upang tugunan din ang plano ng DA-PCC na ang mga magkakalabaw ay may karagdagan kita sa pamamagitan ng gatas. Sa ngayon, hinahabol namin ang aming target sa AI. Sana po ay makatulong kayo sa pagpaparami ng kalabaw," dagdag ni Granada.

Hinikayat ni Guillerma B. Abay-abay, DA-PCC sa USF CBED coordinator, sa mga nagsasanay na magkaroon ng lakas ng loob.

Ipinaliwanag niya ang kahalagahan ng pagkuha ng mga kasanayan at upang maging isang aktibong AI Technician.

"Malaki ang maitutulong ninyo sa Center at sa mga magkakalabaw ma mapaunlad pa ang kanilang kasanayan," ani Abay-abay.

Naghatid din ng mensahe ng inspirasyon si Dr. Maria Dinah R. Loculan, ang center director ng DA-PCC sa USF at ipinakita ang pagpapahalaga at suporta sa mga AI trainees.

Ayon kay Loculan, dapat ikonsidera ng mga nagsasanay ang magvolunteer ng AI para mas mahasa sila.

***"Pinanghihinaan ng loob ang mga magkakalabaw kapag hindi nabubuntis ang kanilang mga alaga, kaya dapat ipaintindi sa kanila ng maayos na may tamang panahon ng paglalandi. Panghuli, i-enjoy ninyo dahil ang mga kalabaw ay parang mga tao, kung nararamdaman nilang mahal niyo ang pag-aalaga ninyo sa kanila, sila din ay nakikipagtulungan," pagtatapos ni Loculan.***

# Pagtatasa sa pagpapalahi ng kalabaw, nilahukan ng AEWS ng Region XII, BARMM

Ni **Rodolfo T. Valdez Jr.**



*DA-PCC sa USM-Makabagong teknolohiya at kaalaman sa Artificial Insemination (AI) ang naging tampok sa pagsasanay para sa labinwalong Agriculture Extension Workers (AEWs) mula Region XII at Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) noong Agosto 7-18 sa Kabacan, North Cotabato.*

Ang naturang pagsasanay na isinagawa ng DA-Agricultural Training Institute–Regional Training Center XII (DA-ATI-RTC XII) at DA-Philippine Carabao Center sa USM (DA-PCC at USM) ay naglalayong mabigyang daan ang pagpapabuti pa sa kakayahan at abilidad ng mga AEWs na sumailalim na sa basic training course on pregnancy diagnosis and AI in large ruminants.

Sentro ng pagsasanay ang pagtalakay sa mga paksa sa animal health, animal nutrition, semen motility testing, fixed-time AI, at ultrasonography na inihatid ng DA-PCC pool of experts sa pangunguna ni Dr. Edwin C. Atabay, kasama sina Joseph Oliver Lofranco, Dir. Benjamin John C. Basilio, Jeffrey A. Rabanal, Dr. Virigilio V. Lopez, at Nasrola S. Ibrahim.

Binigyang diin naman nina ATI-XII Assistant Director Mona P. Dela Cruz at DA-PCC at USM AI Coordinator Jeffrey A. Rabanal ang malaking tulong ng mga AEWs sa pagkamit ng mataas na bilang ng genetically improved na kahayupan at maging ang epekto nito sa pagtaas ng antas ng buhay ng mga magsasaka.

*"Makakaasa kayo na babaunin namin ang mga kaalaman na ito at ibabahagi sa mga magsasaka na aming nasasakupan. Malaking tulong din itong refresher course sa amin upang mapabuti at mapataas ang aming AI efficiency rate," saad ni AI Technician Ronald Padilla.*

Nagbigay pasasalamat naman si DA-PCC sa USM Center Director Benjamin John C. Basilio sa ATI-XII sa patuloy na pagsuporta sa pagpapalaganap ng Carabao Development Program (CDP) sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang angkop na pagsasanay.

"Dahil sa inisyatibong ito, tiyak na mapatataas natin ang kagalingan ng ating mga AI technicians, at pagpapalaganap ng ating mga serbisyo na siyang magreresulta sa mas mataas na produksyon ng gatas na siyang tutugon sa mataas na demand nito," dagdag ni Director Basilio.

# Pagkakalabawan, napabilang sa...

*Mula sa p.1*

upang maihatid ang mga inisyatibong naka angkla sa programang Research, Development, and Extension (RDE) para sa Bangsamoro.

Nagpahayag naman ng mensahe si MAFAR-BARMM Minister Mohammad Swaib Yacob kaugnay sa pagbuo ng BAFRDEN. Ayon sa kanya, ang agrikultura ay hindi lang sekta ng ekonomiya kundi isang haligi na siyang responsable sa pag-unlad ng lipunan.

Labis naman ang pasasalamat ni DA-PCC sa USM Center Director Benjamin John C. Basilio sa naging hakbang ng MAFAR-BARRM.

Aniya, mas madaling maiihatid ang mga serbisyong pagkakalabawan sa mga komunidad sa Bangsamoro.

"Kami sa DA-PCC ay nangangakong maging bukas sa pagbibigay ng kaalaman o teknolohiya, at magbibigay ng mga mekanismong makatutulong sa paglago ng samahan," saad ni Director Basilio.

Naging positibo rin ang pananaw ni DA-PCC at USM Research Coordinator Rheo Ryan P. Balbuena sa maaring maidudulot ng BAFRDEN sa mga magsasaka ng Bangsamoro Region.

"Ang bagong samahan na nilahukan ng DA-PCC ay magbibigay daan upang magbukas pa ng pinto ng oportunidad para sa mga kapatid nating Muslim. Sa pamamagitan nito, marami pang magsasaka ang lalahok at makikinabang sa mga serbisyo at programa ng DA-PCC," saad ni Balbuena.






*Layunin ng naturang MOU ang magkaroon ng samahan na syang magtataguyod ng isang matibay na ugnayan sa sekta ng agrikultura at pangingisda at upang maihatid ang mga inisyatibong naka angkla sa programang Research, Development, and Extension (RDE) para sa Bangsamoro.*

# Villar Sipag Awards ...

*Mula sa p.1*

Ang EYA, isang grupo ng mga batang magkakalabaw o carapreneur sa San Francisco, Tarlac City, ay nagtatag ng kinilalang Ka'Gatas Dairy Farm sa lugar.

Ang grupo ay yumakap sa negosyong salig sa kalabaw at aktibong nakikipag-ugnayan sa kanilang komunidad at sa iba pang mga kabataan sa iba't ibang aktibidad gaya ng pagproseso ng gatas at pag promote ng mga ito sa Tarlac at sa mga kalapit na lalawigan ng Pampanga.

Ang Ka'Gatas Dairy Farm ay suportado ng DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) at ng lokal na pamahalaan nito. Ibinahagi ni Santos ang kanilang karanasan sa matagumpay na paglahok at mga pinagdaanang mahigpit na proseso at pagsusuri ng kanilang nilahokang parangal na tumagal ng higit isang buwan.

Ayon kay Santos, ang kanilang napanalunan ay para sa pinapangarap ng grupo na magkaroon ng sariling dairy processing outlet.

Ang mga batang magkakalabaw, kasama ang iba pang founding members na sina Anne Castañeda, Patrick Navarro, Philip Navarro, at Ron Mikko Rodriguez, na nakasama sa naganap na awarding ceremony ay lubos na nagpapasalamat sa mga taong nasa likod ng kanilang tagumpay at nagsilbing inspirasyon ng samahang EYA.

Dahil sa patuloy na suporta ng DA-PCC, nais ng grupo ng EYA na lumawak ang kanilang samahan at maging matagumpay sa negosyong salig sa kalabaw.

Ayon kay Dr. Ericson dela Cruz, center director ng DA-PCC sa CLSU, buong suporta ang center sa paglalakbay ng mga batang carapreneurs, at handang umalalay hanggang sila ay pumaitaas at magtagumpay sa kanilang napiling negosyo.

Ang mga kabataang ito ay isang patunay sa walang kamatayang kataga ni Gat Jose Rizal na "Ang kabataan ang pag-asa ng bayan," aniya.

*Ang programa ng Villar SIPAG Awards ay pinamamahalaan ng Villar SIPAG (Social Institute for Poverty Alleviation and Governance)—isang sentro ng mga adbokasiya, aktibidad, at aksyon upang matulungan ang mga mahihirap na Pilipino.*

*Nilalayon nitong kilalanin ang mga inisyatiba ng mga negosyo sa komunidad at mga modelo ng mabubuting gawi.*

# Ang kalabaw bilang...

*Mula sa p.1*

produksyon ng hayop, ayon kay Dr. Stella Marie Lapiz, OPV ng Bohol.

Kabilang sa mga pangunahing highlights ng festival ang carabao parade, paligsahan para sa pinakamahusay na mga inahing kalabaw, paglulunsad ng mga KBGAN mobile apps sa iHealth at iFeed, pagkilala sa mga pambihirang magsasaka, turn-over ng mga materyales at kagamitan na suporta sa produksyon, at mga lectures sa paggawa ng silage, regulasyon sa kaligtasan ng pagproseso ng gatas, at pagproseso ng karne.

Ikinatuwa rin ng mga dumalo sa pagdiriwang ang iba't ibang produktong agrikultura na naka-display sa venue. Ang bayan ng Mabini ay kabilang sa service areas ng DA-Philippine Carabao Center sa Ubay Stock Farm (DA-PCC sa USF) mula pa noong panahon ng Philippine Carabao Research and Development Center (PCRDC) noong 1982.

"Mabuti na pinili ng pamahalaang panlalawigan ng Bohol ang Mabini na mag-host ng pagdiriwang ngayong taon dahil nakita naman ang pagbabago sa komunidad at sa mga buhay ng mga magkakalabaw," saad ni Dr. Caro B. Salces, dating center director ng DA-PCC sa USF na ngayo'y nagsisilbi bilang OIC Executive Director ng DA-PCC.

Kung babalikan ang kasaysayan ng paggagatas sa Bohol, ang Department of Agriculture-Philippine Rural Development Project (DA-PRDP) ay nagbigay ng pondong nagkakahalaga ng PHP5.8 milyon mula sa isang PHP9- milyon na proyekto na tinatawag na "Bohol Dairy Processing and Marketing Enterprise."

Mula noon, sa pamamagitan ng pagtutulungang pagsisikap at suporta ng lokal na pamahalaan, naging institusyonal ang programa ng paggawaan ng gatas. Nakasama na ito sa Provincial Commodity Investment Plan (PCIP) ng Bohol na may kaukulang budget na inilalaan bawa't taon.

Sa kanyang talumpati, ibinahagi ni Lapiz ang mga hamon na naranasan ng industriya lalo na sa unang bahagi ng 15 taon nito kung saan nagkaroon ng mabagal na paglago. Kabilang dito ang mababang paggamit ng teknolohiya ng Artificial Insemination (AI) ng mga magsasaka, ang kawalan ng mga pasilidad sa pagpproproseso, at ang kahirapan sa pagbebenta ng gatas.

"Gayunpaman, dahil sa masinsinang pagsisikap na ginawa ng mga partner agencies, nalampasan natin ang mga hamong iyon," dagdag niya.
Masayang iniulat ni Lapiz ang 99% (o 175,032.38 liters) na pagtaas sa produksyon ng gatas (mula sa kalabaw, baka, at kambing) noong Enero-Hunyo 2023 kumpara sa parehong buwan noong nakaraang taon. Sa kabuuang produksyon, ang mga magsasaka ay nag-ambag ng 65%, na aniya ay isang patunay ng kanilang kakayahan na ipagpatuloy ang negosyo.

Bukod dito, nakatulong rin ang milk feeding programs ng Department of Education (DepEd) at Department of Social Welfare and Development (DSWD), ayon kay Lapiz.

Sinabi naman ni Gobernador Erico Aristotle Aumentado na laging nakikipagtulungan ang gobyerno sa iba't ibang ahensya kung paano patuloy na mapabuti ang Bohol Dairy Industry. Hinikayat niya ang mga magsasaka na ipagpatuloy ang paggawa ng mabuti at maging maayos sa isa't isa, dahil ito ang nagbibigay inspirasyon sa kanila upang suportahan ang programa.

*Batay sa mga talaan ng DA-PCC sa USF, ang Mabini ay mayroong 273 crossbred buffaloes at 212 dairy farmers na nakikibahagi sa Carabao-based Enterprise Development (CBED) Program. Mula noon, nakapag-produced na ito ng kabuuang 340,366.13 litro ng gatas o kabuuang kita na PHP17,018,306.90 na may farm gate price na PHP50.00/litro. Ito ang may pinakamataas na kontribusyon sa milk production ng Bohol.*

# Maraming oportunidad sa pagkakalabaw, nagbukas para sa Tupi, SoCot

Ni **Rodolfo T. Valdez Jr.**




***DA-PCC sa USM-Parada, basbas, seremonya, at kampay!***

Ganito ang naging mainit na pagtanggap ng Tupi Integrated Agricultural Cooperative matapos ang pagbubukas ng kanilang Dairy Box noong Setyembre 4 sa Brgy. Kablon, Tupi, South Cotabato.

*Ang naturang pasilidad ay ang pangalawang Dairy Box sa South Cotabato at ang kauna-unahang naipatayo at nagbukas sa Pilipinas sa ilalim ng Coconut-Carabao Development Project o CCDP. Ang CCDP ay proyektong magkaagapay na ipinatutupad ng DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA) at DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) para sa kapakanan mga magniniyog sa Pilipinas.*

"Pangatlo kaming kooperatibang inalok ng DA-PCC at DA-PCA nitong proyekto. Hindi man kami ang first choice, hindi ito dahilan para hindi namin pagbutihin ang aming pinasukang negosyo," ani TIAC Manager Angelita Claudio.

Sinariwa rin ni Claudio ang naging karanasan nila upang maipatayo ang Dairy Box. Aniya, dahil sa mga pagsasanay na isinagawa, pagbibigay ng makinarya at mga kalabaw, at ang patuloy na tulong ng mga ahensya ng gobyerno ang nagtulak sa kanilang tanggapin ng buong puso ang proyekto.

Labis naman ang naging galak ni DA-PCC sa USM Center Director Benjamin John Basilio sa mga inisyatibo ng TIAC upang masimulan ang negosyong salig sa kalabaw.

"Tiyak ngang magaling ang TIAC! Hindi pa man naitatayo itong Dairy Box ay gumagawa na sila ng kanilang mga produkto upang masimulan na ang pagpapakilala nito sa publiko," ani Basilio.

Naging sentro rin ng mensahe ni DA-PCA Regional Manager Emily A. Lorion ang naging malaking kontribusyon ng mga magniniyog mula sa Buto Small Coconut Farmers Organization ng Tampakan, South Cotabato at Malaya Integrated Farmers Association ng Banga, South Cotabato bilang pinagkukunan ng gatas sa proyektong CCDP.

Nagbigay naman ng mensahe at suporta si Senator Cynthia Villar na siyang chairperson ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform.

Aniya, nagsisimula siyang magsulat ng batas para sa local livestock, poultry, at dairy industry upang maging competitive ang mga industriyang ito tulad ng sa ibang bansa.

Dumalo at nagbigay din ng suporta sa proyekto ang mga kabalikat ng DA-PCC at DA-PCA tulad nina Arthur Go; Marlon Flores mula sa National Dairy Authority ng Southern Mindanao, Juriski B. Mangelen ng Cooperative Development Authority XII, Kirbi Joy S. Garcia ng Department of Agriculture XII, Dr. Flora Bigot ng Provincial Veterinary Office ng South Cotabato, Simona P. Dela Cruz ng Agricultural Training Institute Region XII, Marvin Ganancial ng LandBank Philippines, Marion Candava ng Dole Philippines, Mayor Romeo Tamayo ng Tupi, at Roszhein Agustin ng Municipal Agriculture Office ng Tupi, South Cotabato.

Dahil sa suporta at pagtangkilik ng madla, magiging masinop ang pagtutupi ng TIAC sa kanilang benta mula sa gatas at iba pang produktong gawa sa kalabaw.

## NegOr ARBs, patatakbuhin ang kauna-unahang dairy biz sa Tanjay City

Ni **Louie Jee C. Huelar**

***DA-PCC sa LCSF-Ang kooperatiba ng mga magsasaka na San Julio Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative (SJARBC) ay nakatakdang magpatakbo ng unang Dairy Box outlet sa Tanjay City na may opening at turnover ceremonies na ginanap noong ika-21 ng Hulyo 2023 sa Barangay San Jose ng bayang ito.***

Pinangunahan ng DA-PCC sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC at LCSF) ang pagbubukas ng seremonya bago ang pista ng Tanjay City noong nakaraang Hulyo 24 bilang pagsisikap na isulong ang Dairy Carabao-Based Entrepreneurship at itaguyod ang moral ng mga produkto ng dairy buffalo, at ito ay isang inisyatiba na naglalayong magkaroon ng malaking impluwensya sa lokal na pag-unlad ng turismo ng Lungsod ng Tanjay.

Ang Dairy Box-Tanjay City ay nagbebenta ng mga iba't ibang uri ng dairy goods, mula sa gatas ng kalabaw kabilang ang fresh pasteurized milk, flavored milk, yogurt milk, "Karavron", kesong puti, "Karabun with fillings," pastillas de leche, dulce de leche at dulce gatas.

***Nakikita ng SJARBC ang pagbubukas ng Dairy Box bilang isang handog para sa mas magandang kalidad ng buhay sa mga Tanjayanon sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mas magandang kita at nutrisyon.***

Ang SJARBC at mga opisyal DA-PCC sa LCSF ay naroroon sa turnover event na pinangunahan ni SJARBC Chairperson Eva Montecino, General Manager George Yleana at DA-PCC sa LCSF Center Director Eva Rom, Arjay C. Venus na mula sa tanggapan ni Senador Villar, at mga opisyal ng lokal na pamahalaan ng Lungsod ng Tanjay na pamunuan ni Mayor José T. Orlino.





# Pabubukas ng Dairy Box sa Leyte at Samar

Ni **Sunshine T. Sabidalas**

***DA-PCC sa VSU-Magkasunod na groundbreaking ceremony ang isinagawa ng DA-Philippine Carabao Center sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU) noong Setyembre 6 at 7, 2023 sa Carigara, Leyte at Basey, Samar.***

"We're not just breaking the ground, but we are building dreams," pahayag ni Engr. Josefina Josol, municipal agriculturist ng Carigara, Leyte bilang pagkumbinsi sa mga maggagatas na isustina ang programa.

Nagpaabot din ng mensahe ng pasasalamat si Carigara, Leyte Mayor Eduardo Ong Jr. sa pamunuan ng DA-PCC, Philippine Coconut Authority (PCA), gayundin ang iba pang katuwang na ahensya.

Aniya, ang 'pastillas' at 'sundang' ang mga pangunahing lokal na produkto ng Carigara.

"Nakikita ko na hindi na kailangan ng mga gumagawa ng pastillas na bumili pa sa ibang munisipyo ng gatas ng kalabaw dahil nandito mismo sa atin ang supply," dagdag ni Mayor Ong.

Nagpaabot din ng mensahe si Senator Cynthia A. Villar, chairperson ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform. Sa kanyang ipinadalang video message, natukoy ng senadora ang kahalagahan ng pasilidad sa pagpapataas ng dairy produksyon sa bansa.

Mahalaga ang ganitong mga gawain para mapalaganap ang kahalagahan ng industriya ng gatas sa mga bata at sa ekonomiya. Kailangan pa nating mapaganda ang ating dairy production," aniya.

Sa kabilang banda, nagpasalamat si Luz Chu-Ponferrada, municipal mayor ng Basey, Samar sa ahensya sa kabuhayang natanggap ng lokalidad.

Ayon sa mayora, wala nang mas hihigit pa sa pagkakataon na ito kaya kailangan pang palakasin ang kooperasyon at magtulungan ang isa't isa upang maging sustainable at matagumpay ang proyekto.

***"Wala akong pinagsisisihan. Sa palagay ko, ito ang pinakamahusay na desisyon na ginawa ng aking administrasyon noong nagpasya kaming tanggapin ang collaboration para sa proyektong ito," giit ng mayora.***





# Dairy Box sa Zamboanga del Norte, pormal na pinasinayaan

Ni **Dorie D. Bastatas**

***DA-PCC sa MLPC-Isang bagong dairy processing plant at marketing outlet ang binuksan sa Kalawit, Zamboanga del Norte noong Agosto 23, 2023.***

Idinetalye ni Fe Emelda Academia, Senior Science Research Specialist ng DA-PCC sa Mindanao Livestock and Production Complex (DA-PCC sa MLPC) na binigyan ng Department of Science and Technology (DOST) ang Center ng isang processing facility sa pamamagitan ng Science and Technology (S&T) intervention sa ilalim ng DOST IX Grants-In-Aid (GIA) Program. Nagbigay din ng karagdagang pondo ang DA-PCC sa National Headquarters and Gene Pool (DA-PCCNHQGP).

"Kami ay lubos na nagpapasalamat sa DA-PCC para sa inisyatiba. Titiyakin namin na ang proyekto ay lumago upang makatulong sa pagtaas ng nutrisyon sa komunidad at maging bahagi ng kabuhayan. Nangangako ang DOST na patuloy na susuporta at tutulong sa mga proyekto sa hinaharap," ani Nuhman M. Alijani, Provincial S&T Director ng DOST-Zamboanga del Norte.

Sa kabilang banda, natupad ang pangarap ng mga magkakalabaw sa lugar na magkaroon ng sariling Dairy Box dahil magkakaroon ng mga trabaho, karagdagang kita, at makatutulong sa ekonomiya ng munisipyo, ayon kay Cecelio Velez, center director ng DA-PCC sa MLPC.

Ang itinatag na one-stop shop ay nagbebenta ng malawak na hanay ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw tulad ng pastillas, maja blanca, sariwang gatas, ice cream, at mga ice bar.

Dumalo rin sa inagurasyon sina Aimee Fulgencio, Cecilia Abo, Engr. Chris Guzon ng DA-PCCNHQGP; Hon. Salvador Antojado Jr., mayor ng Kalawit, Zamboanga del Norte; Desiree Ariola, Agricultural Program coordinator; Flaviano Hilay, chairperson ng Board of Directors; Nestor Pineda, manager ng Siare Valley Agrarian Reform Beneficiaries Multi-Purpose Cooperative (SVARBEMPCO); Masdi Hasim, Manager ng Ipil Community Multi-Purpose Cooperative (ICMC); Lucy Recamara, municipal cooperative specialist; Cora Cabintoy, manager ng Antipolo Primary Agricultural Multi-Purpose Cooperative; mga kawani ng local government unit; kawani ng DA-PCC sa MLPC; at mga miyembro ng kooperatiba.

**Dairy BOX**

*Ang Dairy Box ay isang one-stop dairy delicatessen store na itinatag sa buong bansa bilang isang market development support para sa mga magkakalabaw na nakikibahagi sa dairying. Ito ay isang market support component sa ilalim ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) o ALAB Karbawan project na pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform na pinamumunuan ni Senator Cynthia A. Villar.*

*Abangan sa susunod na isyu:*

**Cara-Ugnayan sa Ilocandia** — Cara-Ugnayan

**Cara-Aralan Series: Mga produktong gawa sa gatas, balat, at karne ng kalabaw** — Cara Aralan Webinar Series

# Produktong gawa sa balat ng kalabaw, world-class kung ituring

Ni **Ronaline C. Canute**




"Kung ikaw ay nasa negosyo, huwag kang tumingin lamang sa kung paano kumita ng pera, ang iyong tuon ay kung paano gumawa ng mga de-kalidad na produkto habang iniisip ang kapakanan ng mga manggagawa."

**MARY LAZARO**
Owner/Manager
CHELSI Leather and Services, Inc.

***Ang Pilipinas ay isang bansang pinagpala. Higit pa sa magandang arkipelago nito, ay ang mga craftsmanship na kayang makipagsabayan sa world-class na antas.***

Isa sa mga produktong ito ang CHELSI Leather and Services Inc. sa Meycauayan, Bulacan—ang bayan na kilala bilang sentro ng Philippine Leather Industry sa nakalipas na 100 taon.

Ang kumpanya ay isa sa pinakamalaking nagnenegosyo ng tannery na gumagawa at nagsusuplay ng leather materials sa iba't ibang paggawaan ng sapatos, bag, muwebles, at maging mga gamit sa sasakyan.

Ipinagmamalaki ni Mary Lazaro, managing director ng CHELSI Leather and Services, Inc., ang kanilang kumpanya na nangunguna sa paggawa ng mga leather materials sa Pilipinas mula nang simulan nito ang operasyon noong 1901.

Si Mary ay isang tagapag-ingat ng isang siglo-gulang na kaalaman na naipasa sa kanya ng kanyang mga ninuno.

Kabilang dito ang isang tradisyonal na proseso ng tanning ng China gamit ang mga sangkap tulad ng lime, acid, at camachile extract, na isang natural na tanning extract. Ang unang produkto na ginawa nila ay balat ng kalabaw.

Ang balat ng kalabaw ay natural na matibay. Ito ang dahilan kung bakit mas madalas itong gamitin sa mga sinturon, soles, at radio case.

Ang balat ng kalabaw ay may iba't ibang istilo, kulay, at disenyo tulad ng acacia, milled, pebble, butas-butas, bato, ugat, waffles, hugasan, at yama.
Habang lumalago ang negosyo, nagdadagdag din sila ng mga bagong produkto katulad ng balat mula sa baka, kuneho, at buwaya.

Ang kanilang mga hilaw na materyales ay mula sa Samar at Zamboanga. Nag-aangkat din sila mula sa mga bansang Asyano at Australia kapag kulang ang suplay.

Ang kanilang mga item ay pwedeng mabili sa online at maaaring i-monogram o ayon sa istilo, uri, at disenyo na gusto ng customer.

Naipit din ang CHELSI noong ngakaroon ng pandemya lalo na at ang mga produkto nila ay itinuturing na hindi essential para mabuhay. Maging sa pagkuha ng mga balat ay naging mahirap din sa kanila dahil niluto ito ng mga tao para gawing pagkain sa halip na ibenta para gawing mga accessories.

Ngunit alam ng CHELSI na ito ay pansamantalang pagsubok lamang at hindi naging hadlang sa paggawa ng mga de-kalidad na produkto.

Dahil dito, naging pangunahing supplier sila ng mga produktong gawa sa balat sa ibang bansa.

"Kung ikaw ay nasa negosyo, huwag kang tumingin lamang sa kung paano kumita ng pera, ang iyong tuon ay kung paano gumawa ng mga de-kalidad na produkto habang iniisip ang kapakanan ng mga manggagawa," sabi ni Mary nang tanungin kung paano naging matagumpay ang CHELSI.

*Ang maganda sa leather ay maaari itong magtagal ng isang daang taon o higit pa. Ang kakaiba sa balat ng kalabaw ay natural itong matibay. Ito ang dahilan kung bakit madalas itong ginagamit upang gumawa ng mas makapal na materyales tulad ng mga sinturon, soles, at mga radio cases kaya ang kanilang mga produkto na gawa sa balat ng kalabaw ay iniluluwas hanggang sa Europa.*


## *Patnugutan*

**Patnugot** | ERIC P. PALACPAC, ROWENA S. GALANG
**Tagapamahalang Patnugot** | RONALINE C. CANUTE
**Manunulat** | RONALINE C. CANUTE
**MGA KONTRIBUTOR** | LEINEFE L. ATON, MIKEE A. ANTONIO, DORIE D. BASTATAS, JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA, RODOLFO T. VALDEZ JR, LOUIE JEE C. HUELAR, SUNSHINE T. SABIDALAS, STEVEN MARX B. TANGONAN, JAY FRAIM
**Layout at Ilustrasyon** | REI-MAR D. AGUINALDO, RONALINE C. CANUTE
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** | RONALINE C. CANUTE, REI-MAR D. AGUINALDO
**Tagapayo** | CARO B. SALCES

*CaraBalitaan*

Department of Agriculture PHILIPPINE CARABAO CENTER

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*


*I-scan ang mga sumusunod na QR codes upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.*

*K-Portal*

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

*DA-PCC Virtual Tour*

*Maaari na ring silipin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*